


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Iba’t Ibang Uri ng Pelikula Kathang-isip at Di-kathang-isip na Teksto (Piksiyon at Di-Piksiyon)



Filipino – Ikaanim na Baitang**Alternative Delivery Mode****Ikaapat na Markahan – Modyul 3:**

- **Iba’t ibang uri ng Pelikula**
- **Kathang-isip at Di-kathang-isip na Teksto (Piksiyon at Di-Piksiyon)**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak, o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtagtaglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuhang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga oriinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Clarissa V. Sayon	Agnes G. Belmonte
Editor:	Juliet P. Quezon	
Tagasuri:	Juliet P. Quezon Edwin Pameroyan Jenelyn G. Navajas Celestino S. Dalumpines, IV Antonette Espora	Emily D. Claro Carmel Joy P. Aujero Roselyn Roldan Angela B. Dilag
Tagalapat:	Jerry R. Baguios Jerome B. Reynes	Joy P. Nakamura
Tagapamahala:	Ramir B. Uytico Nicasio S. Frio Federico P. Pillon, Jr. Carmel Joy P. Aujero	Gladys Amylaine D. Sales Elena P. Gonzaga Juliet P. Quezon

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI

Office Address: Duran Street, Iloilo City

Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

FILIPINO

**Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
Iba’t Ibang Uri ng Pelikula
Kathang-isip at Di-kathang-isip
na Teksto
(Piksiyon at Di-Piksiyon)**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta ka? Ano ang naging libangan mo ngayong may pandemya?

Sa marami, naging libangan nila ang panonood ng pelikula o pagbabasa ng iba't ibang uri ng kuwento.

Ang kuwento ay maaaring makapagbigay-aliw at magbigay-impormasyon na maaaring maging batayan ng pagkatuto.

May mga kuwento tayong nababasa na makatotohanan, iyong batay sa totoong buhay. May mga kuwento ring kathang-isip lamang na batay sa guniguni o imahinasyon ng nagsusulat.

Ang iba't ibang uri ng pelikula tulad ng drama, aksyon, historikal, animasyon, katatakutan, musical, komedy, romansa, epiko, pantasya, at iba pa ay nagbibigay ng mahahalagang impormasyon, sining, aral, at ideya na magagamit sa pang-araw-araw na gawain.

Sa pagtatapos mo ng modyul na ito, inaasahang:

- nasusuri mo ang pagkakaiba ng kathang-isip at di-kathang-isip na teksto (*fiction at non-fiction*) (**F6PB-IVc-e-22**); at
- napaghahambing-hambing mo ang iba't ibang uri ng pelikula (**F6PD-IVe-i-21**).



Subukin

A. **Panuto:** Suriin ang sumusunod na pangungusap at isulat ang **M** kung ito ay makatotohanan at **DM** kung di-makatotohanan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Sumisikat ang araw sa Silangan at lumulubog sa Kanluran.
- _____ 2. Tuwang-tuwa si Nene habang nakikipaglaro siya sa kaniyang kaibigang duwende.
- _____ 3. Nakatulog ang hari nang isang taon.
- _____ 4. Ikinuskos ni Lita ang kaniyang mga palad at unti-unti na siyang naglaho.
- _____ 5. Habang dumidikit ang kuwintas sa kaniyang katawan ay lalo siyang lumalakas.

B. **Panuto:** Basahin at suriin kung sa anong grupo ng pelikula naaangkop ang sumusunod na pahayag. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Sagutan ito sa iyong sagutang papel.

Kababalaghan

Aksiyon

Komedya

Musikal

Animasyon

- _____ 1. Puno ito ng musika at kantahan.
- _____ 2. Ito ay nakapokus sa mga baktakan pisikal.
- _____ 3. Binibigyan ng buhay ang mga guhit o larawan.
- _____ 4. Hangarin nito ang mapatawa ang publiko.
- _____ 5. Ito ay patungkol sa mga mahiwagang pangyayari, maalamat, at makasaysayan.



Balikan

Panuto: Isulat ang **K** sa kung ang teksto ay nagpapahayag ng Katotohanan at **O** kung Opinyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang dengue ay nakamamatay.
2. Ang mga babaeng may mahahabang buhok ay magaganda.
3. Si Corazon Aquino ang kauna-unahang babaeng pangulo ng Pilipinas.
4. Ang Pilipinas ay binubuo ng tatlong malalaking pangkat ng mga pulo.
5. Lahat ng mga Pilipino ay masisipag.
6. Ang Probinsyano ay isang uri ng aksyon na palabas sa telebisyon.
7. Makatotohanang kuwento ang ipinalalabas sa Maalala mo Kaya (MMK).
8. Nakaaalis ng pagod ang panonood ng telebisyon.
9. Gustong-gusto ng mga batang panoorin ang animasyon.
10. Nakalulungkot manood ng musical na palabas sa telebisyon.



Tuklasin

Isa sa mga libangan ng mga Pilipino ay ang panonood ng telebisyon at pelikula. Marami tayong pagpipiliang mga palabas. Mayroong makatotohanan o tinatawag nating **di-kathang-isip**. Ito ay maaaring nangyari o mangyayari sa totoong buhay tulad ng programang pantelebisyon na **Maalaala Mo Kaya**. Ito ay isang drama at totoong kuwento ng buhay ng mga tao na isinapelikula.

Mayroon ding mga aksyon o bakbakan na makatotohanan. **Ang Probinsyano** ay isang halimbawa nito. Kabilang din dito ang makasaysayang pelikula na **Jose Rizal** na hango sa totoong pangyayari sa ating kasaysayan.

Ang mga palabas na *anime* o larawan na binigyang buhay tulad ng **Naruto**, katatakutan o kababalaghan tulad ng ***Shake, Rattle and Roll*** at pantasya na **Enteng Kabisote** ay mga kuwento na **kathang-isip** lamang. Bunga lamang ito ng imahinasyon ng manunulat.

Hindi rin nawawala ang pang-aliw na palabas tulad ng mga pelikulang musical at katatawanan na nakatutulong sa pagtanggal ng pagkabagot at pagod sa maghapong trabaho.

Alin sa mga ito ang gusto mong panoorin?

Mga halimbawa ng **kathang-isip** na palabas:



Pantasya



Katatakutan



Musikal



Drama


Mga halimbawa ng mga **di-kathang-isip** na pelikula:



Maalaala Mo Kaya (Drama)



Magpakailanman



Bayani (Historikal)

Paalaala sa mga mag-aaral at magulang: kailangang kasama ninyo ang inyong mga magulang sa panonood ng kahit anong palabas para magabayang kayo kung mayroon kayong mga katanungan.

Napanonood mo ba ang mga palabas o pelikulang ito? Ngayon, tuklasin mo kung kathang- isip o di- kathang isip at anong uri ng palabas o pelikula ang nasa sumusunod na gawain.

Panuto: Suriin ang sumusunod na mga palabas o pelikula. Isulat ang **K** kung ito ay Kathang-isip at **DK** naman kung Di-kathang-isip. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



1.



2.



3.



4.



5.



Suriin

Ang **pelikula** ay sining pampanitikan na mapanonood ng mga tao. Nag-uugnay ito sa pang-araw-araw na buhay kahit ito ay kathang-isip (piksiyon) o di-kathang-isip (di-piksiyon). Kapupulutan ito ng aral at kamalayan sa mga pangayari sa kapaligiran. Nagiging daan din ito ng makabagong kaalaman na maaari nating magamit o bagong pag-unawa sa nakaraang pangayari na huhubog sa bagong pananaw sa ating lipunan.

Alin sa mga ito ang paborito mong panoorin, piksiyon, o di-piksiyon?

Alamin natin ang kahulugan ng mahahalagang salita sa araling ito.

Kathang-isip (Piksiyon)

Ito ay gawa-gawa lamang o mula sa sariling imahinasyon ng may-akda. Naglalaman ito ng mga pangayari hindi totoong nangyayari sa tunay na buhay.


Di-kathang-isip (Di-Piksiyon)

Ito ay hango sa totoong buhay o mga pangayaring maaaring magkatotoo.

Iba't ibang uri ng pelikula na kathang-isip (piksiyon) at di-kathang-isip (di-piksyon):

- 1. Pantasya** – Ito ay nagdadala sa manonood sa isang mundong gawa ng imahinasyon, tulad ng mundo ng mga prinsipe/prinsesa, kuwentong bayan o mga istoryang hango sa mga natutuklasan ng Siyensiya.
- 2. Drama** – Ito ay pelikulang nakapokus sa mga personal na suliranin o tunggalian. Nagtutulak ito sa damdamin at ginawa upang mapaiyak ang manonood.
- 3. Komedyta** – Ito ay pelikula kung saan ang mga nagsisiganap ay nagsasaad ng kasiyahan. Ipinakikita sa mga ganitong palabas o pelikula ang mga kuwentong magaan lamang na pag-usapan.
- 4. Musikal** – Ito ay komedyang may temang pag-ibig. Puno ito ng musika at kantahang may sayawan.

- 5. Katatakutan** – Ito ay pelikulang humihikayat nakapagpapatindig balahibo sa mga manonood dahil sa nakakikilabot nitong kuwento at pagganap ng mga tauhan. Kadalasang tungkol sa kapre, duwende, tiyanak, malign, at iba pang nilalang ang ipinakikita nito.
- 6. Romansa** – Ito ay umiikot sa kuwento ng pag-iibigan ng mga tauhan sa pelikula.
- 7. Historikal** – Ito ay mga pelikulang base sa mga tunay na pangyayari sa kasaysayan.



Pagyamanin

Gawain

- A. Panuto:** Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Sa Kahariang Rollano ay may isinilang na kambal na sanggol na kapuwa lalaki. Ipinagdiwang ng buong kaharian ang pagdating ng mga sanggol dahil sila ang kauna-unahang anak ng mahal na hari at reyna. Pinangalanang Noel at Roel ang kambal.

Nang magbinata ang kambal, nabahala ang hari sa nakitang pag-uugali ng kambal. Si Prinsipe Noel ay lumaking kimi, matatakutin, at ayaw makihalubilo sa mga tao sa palasyo. Si Prinsipe Roel naman ay naging tuso, pangahas, at hambog.

Lingid sa kaalaman ng hari ay may mabait na duwendeng nagmamatyag sa kaharian. Batid niya ang suliranin ng hari at umisip siya kaagad ng paraan upang matulungan ang hari.

Minsan, nang namamasyal na nag-iisa si Prinsipe Noel, tinawag siya ng duwende at ipinagtapat ang dinaramdam ng hari. Nang ito'y malaman ni Prinsipe Noel, siya ay nangakong magbabago. Sinabi rin ng duwende na mayroon siyang plano upang mapagbago si Prinsipe Roel ngunit kailangang si Prinsipe Noel ang magsagawa nito. Sumang-ayon naman si Prinsipe Noel.


Kinaumaghan, bago mag-ikaapat ng umaga, nagtungo si Prinsipe Noel sa hardin ng palasyo at hinanap ang halamang inilarawan ng duwende. Pinitas niya ang dilaw na bulaklak nito, kinuha ang katas, at lihim na inihalo sa iinuming gatas ng kapatid. Ininom ni Prinsipe Roel ang inihandang gatas ng

kapatid. Nang sumunod na araw, ibang-iba na ang Prinsipeng kanilang nakita.


Mga tanong:

1. Ano-anong mga pangyayari sa kuwento ang masasabi mong **makakatohanan?** Bakit?
2. Ano-anong mga pangyayari sa kuwento ang masasabi mong **hindi makakatohanan?** Bakit?


B. Panuto: Tukuyin kung **Romansa, Drama, Katatakutan, Komedy,** **Kasaysayan, o Pantasya** ang uri ng sumusunod na pelikula. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.




1. _____



2. _____



3. _____



4. _____



Isaisip

Ang teksto at pelikula ay maaaring kathang-isip (piksiyon) o di-kathang-isip (di-piksiyon).

Ang **piksiyon** ay hindi makatotohanang mga pangayari. Ito ay kathang-isip lamang o mula imahinasyon ng manunulat.

Ang **di-piksiyon** naman ay makatotohanan at mayroong pagbabasehan. Hango ito sa totoong buhay o mga pangayaring mula sa kasaysayan.

Ano naman ang iba't ibang uri ng pelikula?

Ilan sa mga uri ng pelikula ay ang: drama, aksyon, kasaysayan, animasyon, katatakutan, musical, komedy, pag-ibig, epiko, at pantasya. Ito ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon, sining, aral, at ideya na magagamit sa pang-araw-araw na gawain. Ito ay maaaring isang piksiyon o di-piksiyon.



Isagawa

Panuto: Sumulat ng sariling kuwento batay sa iyong karanasan na gusto mong isapelikula sa hinaharap. Maaaring ito ay piksiyon o di-piksiyon. Lagyan ng kakaiba at makatawag-pansin na pamagat ang iyong kuwento. Gawin ito sa sagutang papel.



Tayahin

Panuto: Basahin ang maikling daloy ng pelikula at suriin kung ito ay piksiyon o di-piksiyon. Matapos ito, tukuyin kung ito ay **Pag-ibig, Drama, Katatakutan, Komedy, Kasaysayan, o Pantasya**. Gamit ang gabay sa ibaba, isulat ang sagot sa sagutang papel.



1.

Pelikula: Heneral Luna

Daloy ng pelikula: Ito ay batay sa totoong buhay ng isa sa ating mga bayani, si Hen. Antonio Luna, komandante ng rebolusyonaryong hukbo. Siya ay pinatay at hindi nalutas ang kanyang kasos o nahusgahan ang mga pumatay sa kaniya.

Piksiyon o Di-piksiyon: _____

Uri ng Pelikula: _____



2.

Pelikula: Lola Igna

Daloy ng Pelikula: Si lola Igna ay isang 118 na taong gulang ngunit salbahe at malaswa kung magsalita. Isa siyang retiradong hilot at sa kanyang edad ay nakiramay na siya sa libing ng taong tinulungan pa niyang ipinanganak. Nagpatulong na siya sa kanyang apo sa tuhod na si Kim na gumawa ng ataul niya. Gusto niya nang mamatay ngunit gusto ng mga kapitbahay niya na manalo siya bilang pinakamatanda tao na nabubuhay sa mundo.


Piksiyon o Di-piksiyon: _____

Uri ng Pelikula: _____



Karagdagang Gawain

Panuto: Magtala ng dalawang paborito mong pelikulang Pilipino o palabas sa telebisyon. Suriin kung ito ay piksiyon o di-piksiyon. Matapos ito, gamit ang *venn diagram*, ilahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng iyong dalawang paboritong pelikula sa pamamagitan ng malinaw na pagpapaliwanag. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.





Susi sa Pagwawasto

Subukin	A.	M	1. Musikal	2. DM	3. Akisyon	4. DM	5. Dram	6. K	7. O	8. O	9. O	10. O	5. O	4. K	3. K	2. O	1. K	6. K	7. O	8. O	9. O	10. O	
Balikam																							
Tuklasin			1. DK	2. K	3. DK	4. K	5. DK																
Pagyamain																							
Gawain A			1-2: Guro ang magwawasto																				
Gawain B.				1. Drama	2. Kasaysayan	3. Katataktulan	4. Romansa																

Isagawa

Guro ang magwawasto.

Tayahin

1. Di-piksiyon
Kasaysayan
2. Piksiyon
Komedyo

Karagdagang Gawain

Ang guro ang magwawasto.

Sanggunian

Alberto, M. R., Arellano, L. A., Cayari, R. M., Cheng-Mendoza, R., Santos, M. S. & Victorino, G. T. (1988). *Wikang Filipino, Batayang Aklat sa Pagbasa para sa Ikaanim na Baitang, Edisyong Pampaaralan*. Bookman Incorporated. p 124

Cinema. (21 Sept. 2019). *Pagbalik*. Cinema.

<https://medium.com/cbcpcinema/pagbalik-79c7c000f119>

Iba't ibang uri ng pelikula. (n.d.) Google.
https://www.google.com/search?q=iba%27t+ibang+uri+ng+pelikula&tbo=isch&ved=2ahUKEwjsobyZwpDwAhWUzIsBHcTvBwAQ2-cCegQIABAA&oq=iba%27t+ibang+uri+ng+pelikula&gs_lcp=CgNpbWcQAzICCAAyAggAMgQIABAYOgQIABBDQgUIABCxAzoKCAAQsQMgwEQQzoHCAAQsQMgwQMgE6BggAEAgQHIDq9wFY6-UCYPLrAmgAcAB4BIABrAGIAAdQjkgEEMC4zMpgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nsAEAwAEB&sclient=img&ei=wriAYOy4A5Szr7wPxN8f&bih=667&biw=1366&rlz=1C1CHBF_enPH946PH946

Mga halimbawa ng maalaala mo kaya. (n.d.) Google.

https://www.google.com/search?q=mga+halimbawa+ng+maalaala+mo+kaya&rlz=1C1CHBF_enPH946PH946&source=lnms&tbo=isch&sa=X&ved=2ahUKEwj89JSXwpDwAhWBZt4KHXfyAmwQ_AUoAXoECAEQAw&biw=1366&bih=667#imgrc=jXkiQwL9fbRfM

Mga halimbawa ng magpakailanman. (n.d.). Google.

https://www.google.com/search?q=mga+halimbawa+ng+magpakailan+man&tbm=isch&ved=2ahUKEwjsobyZwpDwAhWUzIsBHcTvBwAQ2cCegQIABAA&oq=mga+halimbawa+ng+magpakailan+man&gs_lcp=CgNpbWcQAzCCAA6BggAEAgQHjoECAAQGFCvMliclgFg_ZoBaABwAHgAgAHPA4gBzCiSAQowLjE5LjUuMS4ymAEAOAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWfAAQE&sclient=img&ei=wriAYOy4A5Szr7wPxN8f&bih=667&biw=1366&rlz=1C1CHBF_enPH946PH946#imgrc=2u6q9fo8u1IwdM&imgdii=11wWs5hFCtxSdM

Mga halimbawa ng pelikula pantasya. (n.d.) Google.

https://www.google.com/search?q=mga+halimbawa+ng+pelikula+pantasya&rlz=1C1CHBF_enPH946PH946&source=lnms&tbo=isch&sa=X&ved=2ahUKEwjBm8_0r5DwAhVNPHAKHQs-CNgQ_AUoAXoECAEQAw&biw=1366&bih=667

Roncom movies of kathniel. (n.d.).

<https://www.google.com/search?q=romcom++movies+of+kathniel&tbo>

Tagalog movies horror. (n.d.)

<https://www.google.com/search?q=tagalog+movies+horror&tbo>

TBA Studios. (9 Sept. 2015). *Heneral Luna*. TBA Studios.

<https://www.tba.ph/heneral-luna/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

*Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600*

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

*Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph*